



## PAHAYAG SA MEDIA

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Mayo 25, 2022

**MGA CONTACT:** Kristine Roselius, Distrito ng Hangin, 415.519.5419, [kroselius@baaqmd.gov](mailto:kroselius@baaqmd.gov)  
Sarah Cafasso, Aclima, [sarah.cafasso@aclima.io](mailto:sarah.cafasso@aclima.io), (978) 944-1946

### **Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area at Aclima, Ibinahagi ang Mga Resulta ng Makabagong Hyperlocal na Mobile Network sa Pagsukat ng Hangin at Greenhouse Gas**

*Mga bagong insight sa antas ng address, naging posible sa tulong ng inobatibong mobile sensor network na sumusukat sa bawat pampublikong block ng rehiyong may siyam na county sa 101 munisipalidad*

**SAN FRANCISCO** - Sa araw na ito, inilabas ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area at Aclima, ang nangunguna sa teknolohiya ng klima sa hyperlocal na pagsukat at pagsusuri ng polusyon at greenhouse gas, ang mga hindi pa nakikita noon na resultang nakolekta sa pamamagitan ng inobatibong hyperlocal na mobile network sa pagsubaybay sa kalidad ng hangin.

Noong Enero 2020, inanunsyo ng Distrito ng Hangin at Aclima ang kanilang makasaysayang pagtutulungan para imapa ang mga pollutant sa hangin at emisyon ng greenhouse gas sa lahat ng siyam na county ng Bay Area, na may sakop na mahigit sa 5,000 square miles, 101 lungsod, at humigit-kumulang walong milyong tao.

“Ito ang kauna-unahang pagkakataon na gagawa ng ganito kalaking proyekto ang kahit na sino, kaya nasasabik kaming makipagtulungan sa Aclima para palawakin ang paggamit namin ng inobatibong pagsukat at data approach at idagdag ang teknolohiya ng Aclima sa aming toolkit,” sabi ni Veronica Eady, ang senior deputy na tagapagpaganap na opisyal ng patakaran at pagkakapantay-pantay sa Distrito ng Hangin. “Habang ine-explore namin ang bagong data at mga insight ng Aclima, hindi na kami makapaghintay na ibahagi ang mga resultang ito sa publiko, lalo na sa mga apektadong komunidad.”

“Ipinagmamalaki naming makipagtulungan sa Distrito ng Hangin sa makasaysayang pagsisikap na ito na hindi pa nagagawa noon. Para makakilos sa bilis at scale na dine-demand ng pagsubok, gumagamit kami ng novel approach kung saan pinagsasama-sama ang mga pampangasiwaan at pangkomunidad na estratehiya at ang inobasyon sa pribadong sektor,” sabi ni Davida Herzl, ang Co-Founder at CEO ng Aclima. “Magagawa natin, nang magkakasama, na i-shift ang paradigm at pabilisin ang mga solusyon na nakakatugon sa mga nag-i-intersect na hamon sa polusyon sa hangin, pagbabago ng klima, at katarungan sa kapaligiran.”

Layunin ng pagtutulungang ito na maghatid ng access at visibility sa kalidad ng hangin na hindi pa nagagawa noon, sa antas ng komunidad sa buong rehiyon ng Bay Area. Para i-complement ang pinagkakatiwalaang pampangasiwaang network sa pagsubaybay ng Distrito ng Hangin sa buong Bay,

na-deploy ng Aclima ang specialized na fleet nito ng mga sasakyang may sensor at mababang emisyon para imapa ang kalidad ng hangin sa bawat pampublikong kalye. Isinasalin ng propesyonal na analytics software ng Aclima ang bilyun-bilyong sukat mula sa mga makabagong sensor nito sa mga resultang makakasuporta sa Distrito ng Hangin. Sa araw na ito, ibabahagi namin ang mga resulta ng isang taong pagsukat sa bawat county ng Bay Area. Nagbibigay ang mga sukat ng mga natatanging insight sa hinihinga ng mga tao sa antas ng block. Hina-highlight ng pagtutulungang ito ang layunin ng Distrito ng Hangin na magsulong ng mga bago at makabagong pamamaraan para maprotektahan ang kalusugan ng lahat ng residente ng Bay Area.

Puwedeng bisitahin ng mga residente ng Bay Area ang [air.health](#) para hanapin ang kanilang address at ang mga pollutant na karaniwang nasa kanilang block. Ipinpresenta ang mga resulta sa mga online na mapa na nagpapakita ng mga pagtataya ng mga pollutant sa hangin sa antas ng block sa komunidad. Puwedeng mag-iba ang mga pollutant sa hangin nang lima hanggang walong beses mula sa isang dulo ng block patungo sa kabila. Nire-reinforce ng mga mapa ang mga alalahanin tungkol sa mga pagkakaiba sa kapaligiran at kalusugan na kinakaharap ng marami sa rehiyon. Ang layunin ng Aclima at Distrito ng Hangin ay ang makatulong ang data na ito na sumubaybay at maghanap ng mga pinagmumulan ng polusyon at magpasimula ng matapang na pagkilos na nakakabawas ng emisyon, pumoprotekta sa pampublikong kalusugan, at naghahatid ng malinis na hangin para sa lahat.

Nagpapasimula ang [Aclima](#) ng bagong paraan para ma-diagnose ang kalusugan ng ating hangin at masubaybayan ang polusyong nagpapabago sa klima. Sinusuportahan ng aming teknolohiya at mga produktong software ang matapang na pagkilos kaugnay ng klima para maprotektahan ang pampublikong kalusugan, mabawasan ang mga emisyon, at makapaghatid ng malinis na hangin para sa lahat. Makipag-ugnayan sa Aclima sa pamamagitan ng [Twitter](#) at [LinkedIn](#).

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

# # #

---

*Air District Communications Office*  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900  
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)